

Mga Karapatan ng Mag-aaral

Pagpapahayag ng Kasarian at Pagkakakilanlan ng Kasarian

Ipinagbabawal sa ilalim ng mga batas ng karapatang sibil/pangmamamayan ang diskriminasyon at panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon batay sa pagpapahayag ng kasarian at pagkakakilanlan ng kasarian sa mga K-12 na pampublikong paaralan.

Ang **diskriminasyon** ay hindi makatarungan o hindi patas na pakikitungo o panggugulo sa isang tao o grupo dahil sila ay parte ng isang tiniyak na grupo, na kilala bilang isang protektadong klase. **Ang pagpapahayag ng kasarian at pagkakakilanlan ng kasarian** ay mga protektadong klase sa ilalim ng batas ng Estado ng Washington.¹

Ang **panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon** ay panggugulo na batay sa **protektadong klase**. Maaari itong magkaroon ng maraming anyo, tulad ng mga pagbabanta, pagtatawag ng palayaw na hindi maganda, mga pagbibiro/panunukso na mapanlait, pisikal na pagsalakay, o iba pang pag-uugali na pisikal na nagbabanta, nakakasakit, o nakakapahiya/nanghahamak.

Mga Karaniwang Katawagan at Mga Pagpapaliwanag

Ang mga tao ay gumagamit ng maraming iba't ibang mga salita para ilarawan ang kanilang mga karanasan sa kasarian. Ang mga katawagan ay maaaring mag-iba batay sa rehiyon, wika, edad, kultura, at iba pang mga dahilan.

Heto ang ilang mga karaniwang ginagamit na katawagan:

Ang **Gender Expression (Pagpapahayag ng Kasarian)** ay naglalarawan sa mga paraan kung saan ipinapahayag ng isang tao ang kanilang kasarian. Ang pag-uugali, mga damdamin, mga gawi, pananamit, kinagawian sa pag-aayos ng katawan, mga interes, at mga aktibidad ay ilan sa mga paraan kung saan nagpapahayag ng kasarian ang mga tao.

Ang **Gender Identity (Pagkakakilanlan ng Kasarian)** ay tumutukoy sa isang matinding nararamdaman na panloob na damdamin ng pagiging babae, o lalaki, o pareho, o wala sa alinman—sa kabila ng kasarian na natakda sa kanilang kapanganakan.

Ang **Gender Non-conforming (Hindi Pagsunod sa Kasarian)** ay naglalarawan sa isang tao na ang pagpapahayag ng kasarian ay iba mula sa napagkaugalian na inaasahan kung paano dapat ang itsura nila o paano dapat ang kilos nila batay sa kasarian na natakda sa kanilang kapanganakan. Ang mga taong kumikilala sa labas ng tradisyonal na mga kateryorya ng kasarian o kumikilala bilang dalawang kasarian o bilang walang pinapanigan na kasarian ay mga halimbawa ng kasarian na hindi sumusunod.

Biological Sex/Sex (Biolohikal na Kasarian/Kasarian) ay tumutukoy sa panloob o panlabas na anatomya, mga kromosoma, at mga hormones ng isang tao.

Ang **transgender** ay isang pangkalahatang katawagan madalas na ginagamit para ilarawan ang isang tao na ang pagkakakilanlan ng kasarian o pagpapahayag ng kasarian, o pareho, ay iba mula doon sa tradisyonal na inuugnay sa kanilang naitakdang kasarian sa kapanganakan.

¹ Kabanata 28A.642 RCW, <http://app.leg.wa.gov/rcw/default.aspx?cite=28A.642>. Kabanata 49.60 RCW, <http://app.leg.wa.gov/rcw/default.aspx?cite=49.60>. Kabanata 392-190 WAC, <http://app.leg.wa.gov/WAC/default.aspx?cite=392-190>.



Mga Karapatan ng Mag-aaral

Pagpapahayag ng Kasarian at Pagkakakilanlan ng Kasarian

Ang **transitioning** ay tumutukoy sa proseso kung saan ang tao ay nagpapatuloy sa pamumuhay at pagkikilala bilang isang kasarian hanggang sa pagtungo sa pamumuhay at pagkikilala sa ibang kasarian.

Mga Pinipiling Pangalan, Mga Personal na Panghalip, at Mga Rekord ng Paaralan

Pinipiling Pangalan, Personal na Panghalip. Ang mga mag-aaral na pumapasok sa mga pampublikong paaralan ng Washington ay may karapatan na tawagin ayon sa kanilang pinipiling pangalan at mga personal na panghalip—*he* (siya) at *him* (siya/kanya), o *she* (siya) at *her* (siya/kanya). Hindi dapat hilingin ng mga paaralan ang pagbabago sa legal na pangalan para ipagamit sa staff (tauhan) ang pinipiling pangalan ng mag-aaral. Habang may klase, sa mga tsart ng upuan, habang tinatawag ang pangalan sa attendance (roll call), sa mga pagsusulit at gawaing-bahay na mga araling tinakda ng guro, at sa iba pang mga rekord ng paaralan, dapat na gamitin ng staff (tauhan) ang pinipiling pangalan ng mag-aaral at personal na panghalip nito.

Mga Rekord sa Paaralan. Ang rekord sa karanasan sa edukasyon sa K–12 ng mag-aaral ay binubuo ng dalawang uri ng mga dokumento; ang bawat isa ay nangangailangan ng magkaibang mga sagot mula sa mga paaralan na may kaugnayan sa paghahayag ng kasarian at pagkakakilanlan ng kasarian.

Ang mga di-opisyal na rekord na nagsasadokumento ng edukasyon ng mag-aaral ay dapat na tukuyin ang mag-aaral ayon sa kanilang pinipiling pangalan at kasarian. Halimbawa, sa mga tarhetang ID sa paaralan, na hindi mga legal na dokumento, dapat ay ipakita ang pinipiling pangalan ng mag-aaral.

Ang mga opisyal na rekord sa pag-aaral na inuutos ng batas ay maaaring humiling sa paaralan na gamitin ang legal na pangalan at kasarian ng mag-aaral. Halimbawa, ang mga dokumento na may kaugnayan sa mga pagsusulit ng estado ay dapat i-ulat ang legal na pangalan ng mag-aaral. Dapat na baguhin ng mga paaralan ang pangalan ng mag-aaral sa mga opisyal na rekord ng paaralan kung magkaloob ang mag-aaral ng mga dokumento tungkol sa pagbabago ng legal na pangalan. Dapat na baguhin ng mga paaralan ang pagkakatalaga sa kasarian ng mag-aaral kung hilingin ng magulang o mag-aaral ang pagbabago.

Dapat ilagay sa mga rekord sa pampublikong paaralan ang pinipiling pangalan ng mag-aaral at naitalagang kasarian maliban kung may legal na dahilan na hindi ito gawin.

Mga Kodigo sa Pananamit at Pagpapahayag ng Kasarian

Ang pananamit at pagkakaayos ng buhok ay dalawang mga paraan kung paano kadalasan inihahayag ng mga mag-aaral ang kanilang kasarian. Ang mga mag-aaral ay may karapatan na ipahayag ang kanilang kasarian sa paaralan—sa loob ng mga limitasyon ng kodigo sa pananamit ng paaralan—nang walang diskriminasyon o panggugulo. Ang mga kodigo sa pananamit ng paaralan ay dapat na walang pinapanigan na kasarian at hindi nagbibigay limitasyon sa mga piniling damit ng mag-aaral batay sa kasarian.

Mga Restroom at Locker Room

Mga Restroom. Ang mga pampublikong paaralan ay dapat magpahintulot sa mga mag-aaral na gamitin ang restroom na umaayon sa kanilang pagkakakilanlan sa kasarian. Sinumang mag-aaral—transgender man o hindi—na humiling ng higit na pagkapribado sa anumang dahilan ay dapat bigyan ng karapatang makagamit sa isang alternatibong restroom, tulad ng restroom ng staff (tauhan) o restroom ng health office (opisina ukol



Mga Karapatan ng Mag-aaral

Pagpapahayag ng Kasarian at Pagkakakilanlan ng Kasarian

pangkalusugan). Gayunman, hindi mahihiling ng staff (tauhan) ng paaralan mula sa mag-aaral na gumamit ng alternatibong restroom dahil sila ay transgender o hindi sumusunod sa kasarian na katayuan.

Mga Locker Room. Ang mga pampublikong paaralan ay dapat magbigay ng karapatang makagamit sa locker room na ayon sa pagkakakilanlan ng kasarian ng mag-aaral maliban na lang sa situwasyon na kinakailangang protektahan ang pagkapribado ng mag-aaral. Isang hiwalay na iskedyul sa pagpapalit ng damit o paggamit ng pribadong lugar, tulad ng kalapit na restroom stall na may pinto o isang lugar na hinihiwalay ng kurtina, ay ilang mga paraan na maaaring maprotektahan ng mga pampublikong paaralan ang pisikal na pagkapribado.

Dapat pagpasyahan ng mga paaralan ang paggamit ng mag-aaral ng mga locker room batay sa bawat kaso. Ang mga layunin ay upang mapalawak ang pagkakasali sa lipunan at magkaloob ng patas na oportunidad na makasali sa mga physical education (edukasyong pangkatawan) na klase at mga oportunidad atletika.

Sports (Palakasan) at Physical Education (Edukasyong Pangkatawan) na Mga Klase

Dapat pahintulutan ng mga paaralan ang lahat ng mga mag-aaral na sumali sa physical education (edukasyong pangkatawan) at mga atletika na ayon sa kanilang pagkakakilanlan sa kasarian.

Ang pagiging karapat-dapat sa interscholastic athletics ay pinagpasyahan ng Washington Interscholastic Activities Association (WIAA), www.wiaa.com. Dapat makipag-ugnayan ang mga mag-aaral sa WIAA o repasuhin ang **Patakaran sa Pagsasali ng Pagkakakilanlan ng Kasarian (Gender Identity Participation Policy)** sa seksyon ng pagiging karapat-dapat sa WIAA na Handbook, www.wiaa.com/subcontent.aspx?SecID=350.

Kompidensyal na Impormasyon sa Edukasyon at Kalusugan

Pinoprotektahan ng mga batas tungkol sa pagkapribado ang kaligtasan at kapakanan ng isang mag-aaral. Ang karapatan na ito para sa pagkapribado ay protektado ng mga batas ng estado at pederal, tulad ng pederal na Family Education Rights and Privacy Act (FERPA).²

Maaari lang ibahagi ng staff (tauhan) ng paaralan ang mga kompidensyal na impormasyon sa edukasyon at kalusugan kung pinapahintulutan sila ng batas. Sa pangkalahatan, ang staff (tauhan) ng paaralan ay hindi dapat magbahagi sa iba, na maaring kasama rito ang iba pang mga mag-aaral, mga staff ng paaralan, at staff na hindi galing sa paaralan ng katayuan ng mag-aaral sa pagka-transgender o hindi sumusunod sa kasarian, legal na pangalan, o natalagang kasarian sa kapanganakan .

Harassment na Nagpapakita ng Diskriminasyon

Ang panggugulo batay sa pagpapahayag ng kasarian o pagkakakilanlan ng kasarian ay isang uri ng diskriminasyon na ipinagbabawal sa mga pampublikong paaralan ng Washington. Ang mga paaralan ay dapat na magsagawa ng mga hakbang para protektahan ang mga mag-aaral mula sa panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon.

² Family Educational Rights and Privacy (FERPA), 20 U.S.C. §1232; 34 C.F.R. Parte 99, http://www.ecfr.gov/cgi-bin/text-idx?tpl=/ecfrbrowse/Title34/34cfr99_main_02.tpl.



Mga Karapatan ng Mag-aaral

Pagpapahayag ng Kasarian at Pagkakakilanlan ng Kasarian

Dapat na imbestigahan ng staff (tauhan) ng paaralan ang posibleng panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon—sa sandaling alam na nila o makatuwirang dapat alam—kahit na ang magulang o mag-aaral ay hindi nagsasampa ng isang pormal na reklamo.

Kung ipinapakita sa isang imbestigasyon na ang mapanggulo na pag-uugali ay lumikha ng isang magulong kapaligiran, kailangang kumilos agad ang staff (tauhan) para mapahinto ang pag-uugali at tapusin ang magulong kapaligiran.

Ang paaralan ay dapat na:

1. Tugunan ang anumang mga epekto ng panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon sa mag-aaral sa paaralan, **AT**
2. Tiyakin na ang mapanggulong pag-uugali ay hindi na muli pangmangyayari.

Maghanap ng mas maraming impormasyon tungkol sa panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon, mga patnubay sa patakaran ng distrito at pamamalakad, at mga kaugnay na mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong, equity@k12.wa.us.

Lutasin ang Mga Ikinababahala o Hindi Pagkakasunduan

Isang talakayan sa inyong prinsipal, o civil rights compliance coordinator (coordinator o tagapag-ayos ng pagsunod sa mga karapatan ng mga mamamayan) sa distrito ng paaralan, ay madalas na ang pinakamabuting unang hakbang para matugunan ang inyong mga ikinababahala o hindi pagkakasunduan tungkol sa diskriminasyon, at na magtrabaho patungo sa isang solusyon.

- **Pagtuunan ng pansin ang mga katotohanan** na may kaugnayan sa diskriminasyon at panggugulo, kung paano ninyo nauunawaan ang mga ito, AT
- Ipagbigay-alam sa prinsipal o coordinator kung **ano ang nais ninyong gawin nila para malutas ang problema**

Hanapin ang impormasyon para sa pakikipag-ugnayan sa civil rights compliance coordinator (coordinator o tagapag-ayos ng pagpatupad sa mga karapatang sibil/pangmamamayan) ng inyong distrito dito, www.k12.wa.us/Equity/ContactList.aspx. Mayroon rin kayong opsyon na magsampa ng isang pormal na reklamo.

Mga Pormal na Reklamo — Diskriminasyon at Panggugulo na Nagpapakita ng Diskriminasyon

Kung sa paniwala niyo ang inyong anak ay dumaranas ng diskriminasyon o panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon, maaari kayong magsampa ng isang pormal na reklamo.

- Sa website ng Equity and Civil Rights (Pagkamatarungan at Mga Karapatang Sibil o Pangmamamayan), www.k12.wa.us/Equity/Families, makakahanap ng impormasyon kung paano makakapagsampa ng pormal na reklamo at sundin ang mga hakbang.



Mga Karapatan ng Mag-aaral

Pagpapahayag ng Kasarian at Pagkakakilanlan ng Kasarian

- Makipag-ugnayan sa U.S. Department of Education (Departamento ng Edukasyon ng U.S.), Office for Civil Rights (Opisina ng Mga Karapatang Sibil/Pangmamamayan) sa 206-607-1600 (TDD: 1-800-877-8339), o bumisita sa website, www.ed.gov/ocr.
- Makipag-ugnayan sa Washington State Human Rights Commission (Komisyon ng Mga Karapatang Pantao ng Estado ng Washington) sa 1-800-233-3247 (TTY: 1-800-300-7525), o bumisita sa website, www.hum.wa.gov.

Matuto ng Higit Pa. Magtanong. Humingi ng Tulong.

Equity and Civil Rights Office sa Office of Superintendent of Public Instruction (Opisina ukol sa Pagkamatarungan at Mga Karapatang Sibil o Pangmamamayan sa Opisina ng Superintendente ng Pampublikong Pag-aaral)

360-725-6162 | TTY: 360-664-3631 | equity@k12.wa.us | www.k12.wa.us/equity

Para sa Civil Rights Compliance Coordinator (Coordinator o Tagapag-ayos ng Pagsunod ukol sa Mga Karapatang Sibil/Pangmamamayan) sa inyong distrito, bumisita sa:

www.k12.wa.us/Equity/ContactList.aspx

Para makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa diskriminasyon at panggugulo, mga patnubay para sa patakaran at pamamalakad ng distrito, at mga nauugnay na mapagkukuhanan ng tulong at impormasyon, www.k12.wa.us/Equity.



Mga Karapatan ng Mag-aaral

Pagpapahayag ng Kasarian at Pagkakakilanlan ng Kasarian

Ang dokumentong ito ay nagbabalangkas sa mga karapatan at mga responsibilidad sa ilalim ng mga batas sa karapatang sibil/pangmamamayan ng estado at pederal. Maaari kayong magkaroon ng mga karagdagang karapatan sa ilalim ng iba pang mga batas. Ang impormasyong ito ay para sa pagbibigay impormasyon lamang—hindi para magbigay ng legal na payo. Para sa legal na payo na tiyak sa mga katotohanan at pangyayari ng inyong indibiduwal na situwasyon, mangyari lang makipag-ugnayan sa isang abogado.

Nagbibigay ang OSPI ng patas na access sa lahat ng mga programa at serbisyo nang walang diskriminasyon batay sa kasarian, lahi, pananampalataya, relihiyon, kulay, bansang pinagmulan, edad, katayuang beterano o militar na marangal na inalis sa katungkulan, sekswal na oryentasyon kabilang ang pagpapahayag ng kasarian o pagkakakilanlan, ang pagkakaroon ng anumang kapansananang sensory, pangkaisipan o pisikal, o ang paggamit ng sinanay na gabay na aso o hayop na nagseserbisyo ng isang taong may kapansanan. Ang mga tanong at reklamo ng pinaghihinahinalang diskriminasyon ay madidirekta sa Equity and Civil Rights Director, (360) 725-6162 o P.O. Box 47200; Olympia, WA 98504.

